1

Mga payo para gawing aktibidad sa pag-aaral ang mga aktibidad na pang-araw-araw

makipag-usap, makinig, magbasa, maglaro

Ang pagkatuto ay nagsisimula sa pang-araw-araw na mga sandali

3

Ang mga bata ay nagsisimulang matuto pagkasilang

4

Mula sa sandaling ipanganak siya, ang iyong anak ay natututo tungkol sa kanyang pamilya, kanyang kapaligiran, at kanyang sariling kamangha-manghang mga kakayahan. Habang siya ay lumalaki, ang bawat karanasan ay tumutulong sa kanyang kaalaman at sa kanyang pagtitiwala sa sarili.

5

Pagdating niya sa kindergarten, magagamit niya ang lahat ng kasanayang natutuhan niya. Iimbitahan siya ng kanyang guro sa kindergarten na tingnan ang mga libro, gumuhit ng mga larawan, magbahagi ng mga istorya, at makipagkaibigan.

Ang guro sa kindergarten ay mag-oobserba at magtatala ng progreso ng iyong anak – hahanapin ang mga kasanayang tutulong sa kanya na magtagumpay sa paaralan. Kung may kulang na mga kasanayan, magpaplano ang guro ng mga aktibidad na tutulong sa iyong anak na bumuo ng mga kasanayang ito.

Bilang isang magulang, makakatulong ka sa iyong na anak na ihanda sa tagumpay sa paaralan. Ang buklet na ito ay naglalaman ng maraming aktibidad na madaling maisasama sa iyong pang-araw-araw na gawain at tutulong sa iyong anak na sumulong sa pitong mahahalagang lugar ng pag-unlad na kailangan niya para sa kindergarten:

- Kaunlarang Personal at Panlipunan
- Wika at Karunungang Bumasa't Sumulat
- Pagbuo ng Pang-unawa sa:
  Matematikal na Pag-iisip
  Siyentipikong Pag-iisip
  Araling Panlipunan
  Ang Sining
- Pisikal na Pag-unlad

Magsimula ngayon, ginagamit ang mga sumusunod na mga ideyang aktibidad.

6

Wika at Karunungang Bumasa't Sumulat

Kabilang sa wika at karunungang bumasa't sumulat ang lahat ng kasanayan na tutulong sa mga bata na matutong magbasa, magsulat, at magpapahayag ng kanilang mga ideya sa sinasalitang wika.

7

Magagamit mo ang mga aktibidad na ito para matulungan ang iyong anak na bumuo ng mga kasanayan sa wika at karunungang bumasa't sumulat

- Kausapin ang iyong anak mula sa araw na isinilang siya. Kahit na isang sanggol, siya ay natututo ng mga tunog ng wika at ng ritmo ng pag-uusap.
- ngumawa. Nagsisikap siyang matutong magsalita at kailangan ang iyong paghimok.
- Maglaro ng mga salita – mga salitang tumutugma, nakakatuwang kasabihan, at mga birong pagkatok (knock-knock jokes).
- Basahan ang iyong anak araw-araw. Kahit na ang isang napakaliit na bata ay makikinabang mula sa malapit na ugnayan sa oras ng pagbabasa at mula sa pakikinig ng mga bagong salita habang itinuturo mo ang mga larawan.
- Magtanong sa iyong anak tungkol sa mga libro habang magkasama kayong nagbabasa, magtanong tungkol sa mga larawan at tungkol sa kung ano ang susunod na mangyayari.
- Magkaloob ng mga materyal sa iyong anak para "magsulat" ng mga listahan, istorya, at tanda – kahit na ngayon ay padaskol ang kanyang pagsusulat.
- Hayaan ang iyong anak na magsalita at tumugon sa pakikipagkapwa sa halip na magsalita para sa kanya o pagmamadaling sumagot siya.

8

pag-unlad na personal at panlipunan

Kabilang sa pag-unlad na personal at panlipunan ang mga kasanayan na kakailanganin ng isang bata upang maintindihan at pamahalaan ang kanyang mga damdamin, upang makipag-ugnayan sa ibang mga tao, at upang itatag ang sarili sa mundo. Ang pag-unlad na personal at panlipunan sa mga bata ay batay sa mga relasyon sa kanilang mga magulang at ibang mga tao. Kabilang dito ang damdamin ng isang bata sa kanyang sarili, ang pananaw ng bata sa sarili bilang nag-aaral, at kanyang nadaramang responsibilidad sa sarili at sa ibang mga tao.

9

Makakatulong ka sa iyong anak na makabuo ng mga kasanayang personal at panlipunan

- Tumugon sa iyong sanggol kapag umiyak siya. Ito ay makakatulong sa iyong anak na makadama ng pagmamahal at nagtuturo sa kanya na magtiwala sa iyong pag-aalaga.
- Samantalahin ang bawat pagkakataon na malumanay na hawakan at hipuin ang iyong anak. Tingnan ang kanyang mukha at magsalita nang mahina. Ito ay nakakatulong na lumikha ng pagbubuklod na kailangan ng mga bata upang makaramdam ng katiyakan at makabuo ng mga relasyon sa ibang mga tao.
- Himukin ang iyong anak na sumubok ng mga bagong aktibidad, ipagdiwang ang kanyang mga pagtatangka at ang kanyang mga tagumpay (paggawa ng mga unang hakbang, pagpapakain sa sarili, pagsasalita ng kanyang mga unang salita, atbp.).
- Ipakita na ikinararangal mo ang mga pagsisikap ng iyong anak sa pamamagitan ng pagpaskil sa kanyang mga likhang-sining sa repriheradora o dingding ng bahay.
- Tulungan ang iyong anak na magsimulang maintindihan at pamahalaan ang kanyang sariling mga damdamin (pagkatapos ng isang hindi pagkakasundo, atbp.) Tulungan siyang maintindihan ang mga damdamin ng iba.
- Tulungan ang iyong anak na lutasin ang mga problema sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga angkop na katanungan at pagbubunsod sa iyong anak na pag-isipan ang mga isyu sa halip na ibigay lamang sa kanya ang sagot.

10

matematikal na pag-iisip

Ang batayan ng pag-aaral ng matematika ay ang pagkaunawa ng mga numero, pagsukat, mga huwaran, at hubog. Kailangang gamitin ng mga bata ang mga basikong konseptong ito sa paglutas ng problema upang magawa ang mga elementaryang matematika.

11

Ang mga magulang ay makakatulong sa kanilang mga anak na bumuo ng matematikal na pag-iisip.

- Magbilang ng mga bagay sa mga pang-araw-araw na gawain; bilangin ang mga daliri ng paa ng iyong anak habang pinapaliguan siya, ang mga buton ng kanyang damit, at ang bilang ng mga hakbang habang naglalakad kayo.
- Ituro ang mga bagay na mas malaki o mas maliit sa isa't-isa (mga libro, laruan, sapatos, atbp).
- Pagbukud-bukurin ang mga bagay batay sa kulay o sukat – lahat ng asul na medyas o lahat ng kamiseta ng iyong anak.
- Maglarawan ng isang huwaran; itanong sa iyong anak kung ano ang kasunod sa isang huwaran ng mga bloke o isang disenyo sa isang kamiseta o isang tuhog ng butil o abaloryo.
- Gumamit ng mga naglalarawang salita tulad ng "higit sa" at kulang sa" at mga salitang nagpapakita ng posisyon tulad ng "ilalim," "ibaba," "itaaas."
- Ituro ang mga hubog sa bawat bagay; halimbawa, ang harapan ng kahon ng cereal ay isang rektanggulo at ang gilid ng mangkok ay isang bilog.
- Ipakita sa iyong anak kung paano mo ginagamit ang mga kasangkapan sa pagsukat tulad ng mga tasa at mga pansukat na kutsara habang nagluluto ka. Itala ang kanyang sukat sa pamamagitan ng isang panukat na teyp o pangyarda.
- Makipag-usap tungkol sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa araw: "Pagkakain ng tanghalian, pupunta tayo sa parke at saka sa tindahan."

12

siyentipikong pag-iisip

Ang siyentipikong pag-iisip at binubuo ng ng paggalugad ng kapaligiran at pag-aaral ng kahalagahan ng pagtatanong. Kailangan ng mga bata na bigyan ng pagkakataong siyasatin ang kanilang mundo sa pamamagitan ng pag-obserba, paglalarawan, pagtatanong, pagbuo ng mga paliwanag, at pagbuo ng mga pasiya.

13

Makakatulong ka sa iyong anak na bumuo ng siyentipikong pag-iisip sa pamamagitan ng mga aktibidad na ito

- Maglakad sa labas at ituro ang mga tunog, tanawin at amoy.
- Hayaan ang iyong anak na maglaro sa buhangin at tubig.
- Magsalita tungkol sa klima, himukin ang iyong anak na hulaan ang mga pagbabago.
- Himukin ang iyong anak na obserbahan ang mga alagang hayop, mga ibon, at ibang mga hayop; magsalita tungkol sa asal ng mga ito.
- Tulungan ang iyong anak na makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga partikular na halaman o hayop na interesado siya.
- Humanap ng mga bagay sa labas para suriin ng iyong anak, tulad ng mga bato, dahon, bulaklak, at acorn.
- Gumamit ng mga salaming nagpapalaki ng anyo, mga binocular, at mga ruler upang pag-aralan ang mga bagay.
- Himukin ang iyong anak na panoorin kung gaano kabilis o kabagal gumalaw ang mga partikular na bagay, hulaan kung aling mga aytem ang lulubog o lulutang, at alamin na ang tubig ay namumuo para maging yelo.

14

araling panlipunan

Ang araling panlipunan ay tumutukoy sa mga pagkaunawa ng mga bata sa mundong nakapaligid sa kanila. Nagsisimulang maintindihan nila ang kanilang mga sarili bilang hiwalay na mga indibidwal at nagsisimulang makilala at unawain ang mga pagkakaiba sa iba at malaman ang kultura at mundo sa kanilang paligid.

15

Makakatulong ka sa iyong anak na makabuo ng mga kasanayan ukol sa araling panlipunan

- Magsalita tungkol sa mga pagkakaiba at pagkakatulad ng iyong pamilya at iba sa bilang mga bata sa pamilya, kanilang taas, edad, atb.
- Talakayin ang mga trabaho ng iba-ibang miyembro ng iyong pamilya.
- Tulungan ang iyong mga anak na magkunwaring mga tao sa inyong komunidad, halimbawa, isang guro, doktor, o klerk ng tindahan.
- Maglakbay sa iba-ibang tindahan ng kapitbahayan at magsalita tungkol sa tungkulin ng bawat isa sa supermarket, sa tindahan ng sapatos, sa botika, atbp.
- Itatag at talakayin ang mga tuntunin ng pamilya tulad ng oras ng pagtulog o pagtulong sa mga gawaing-bahay.
- Lumahok, kasama ng iyong anak, sa paglilinis ng kapitbahayan; magsalita kung bakit ito ay mahalaga.
- Isama ang iyong anak sa pagbisita sa mga lokal na lugar tulad ng aklatan, museo o kalipunang pangkasaysayan, at mga parke.

16

ang sining

Kasama sa sining ang paglahok ng mga bata sa sayaw, dula, pinong sining, at musika. Kasama dito ang aktibong paglahok ng mga bata at pag-aaral na maglagay ng halaga sa kanilang nakikita.

17

Makakatulong ka sa iyong anak na bumuo ng mga kasanayan sa sining sa pamamagitan ng mga aktibidad na ito

- Kumantang kasabay ng iyong anak. Pumalakpak ng mga ritmo.
- Magpatugtog ng musika at himukin ang iyong anak na magsayaw at sumabay sa kanta.
- Magkaloob ng mga instrumento (tulad ng kahoy na kutsara, kaldero, at mga plastik na sisidlan) para patugtugin ng bata sa pagsabay sa musika.
- Magkaloob ng iba-ibang materyal sa pagguhit para magamit ng iyong anak sa araw-araw. Hilingin sa kanya na sabihin sa iyo ang tungkol sa sining na nilikha niya.
- Tulungan ang iyong anak na gawan ng pag-akto ang kanyang paboritong istorya, na bawat isa sa inyo ay may iba-ibang papel.
- Isama ang iyong anak para makita ang iba-ibang kaganapang pangmusika, mga pagganap ng sayaw, at mga programang sining, marami sa mga ito ay libre sa mga sentro ng komunidad, mga lugar na pagsamba, mga panlabas na perya at piyesta, mga parada, at mga lugar na bilihan.

18

pisikal na pag-unlad at kalusugan

Kabilang sa pisikal na pag-unlad at kalusugan ang mga kasanayan na tulad ng paghawak ng lapis upang gumuhit at sumulat, pagtakbo at paglundag, at pag-alam kung paano mananatiling ligtas at malusog.

19

Makakatulong ka sa iyong anak sa pisikal na pag-unlad at kalusugan.

- Makipaglaro ng bola sa iyong anak – pagsambot, pagsipa, at paghagis.
- Magkaloob ng iba-ibang maliliit na laruan para sa iyong anak, halimbawa, mga bloke at Lego, mga peg sa isang pegboard, at mga palaisipan na tumataas ang kahirapan.
- Magkaloob ng mga materyal sa sining para magamit ng iyong anak sa pagsasanay ng pagputol, pagdikit, pagpinta, at pagguhit.
- Bigyan ang iyong anak ng ekstrang oras na maaaring kailangan niya upang gumawa ng mga simpleng gawain nang nag-iisa, halimbawa, oras para hugasan ang kanyang mga kamay o mag-isang isuot ang kanyang dyaket at sapatos.
- Hayaan ang iyong anak na tumulong sa mga gawaing-bahay, na kaya niya, halimbawa, pag-aayos ng mesa, paglalabas ng tinapay para sa tanghalian, pagtitipon ng kanyang maruruming damit.
- Turuan ang iyong anak na nasa preschool kung paano magtali ng laso – magtali ng sapatos o maglagay ng laso sa isang regalo.
- Kumain ng malulusog ng pagkain kasama ng iyong anak at talakayin ang malulusog at hindi malulusog na pagkain.
- Turuan ang iyong anak na hugasan ang kanyang mga kamay at magsepilyo ng kanyang mga ngipin.

20

…at, pinakamahalaga sa lahat, purihin ang mga pagsisikap ng iyong anak. Ang iyong suporta ay magbibigay sa kanya ng tapang na maggalugad, magtanong, magmahal, at matuto.

Countdown to Kindergarten ay isang pambuong-estadong proyekto na kalahok ang maraming organisasyon, mga pampublikong sistema ng paaralan, mga aklatan, at ibang nagtatrabaho upang matiyak na lahat ng bata ng Maryland ay may nangangalagang mga karanasan at dumarating sa paaralan na handang magtagumpay.

Upang makita ang mga materyal sa maagang pagkatuto na makukuha mula sa mga organisasyong ito, bisitahin ang website sa www.countdownMD.org o tumawag ng walang-bayad sa 1-866-752-1614. Kasama sa website ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagkahuli sa paaralan, pagpili ng mahusay na pag-aalaga ng bata, pagtasa para sa kindergarten, at mga aktibidad na magagawa ng mga magulang upang itaguyod ang maaagang pagkatuto.

Kung nag-aalala ka tungkol sa ilang bahagi ng maaagang pagkatuto o pag-unlad ng iyong anak, tumawag sa 1-800-535-0182 upang makipag-ugnayan sa Maryland Infants and Toddlers Program at sa Preschool Program sa Maryland State Department of Education.

Countdown to Kindergarten ay pinopondohan ng M&T Bank, ng Harry and Jeanette Weinberg Foundation, ng Governor's Office for Children, Youth and Families, Constellation Energy, at ng National Governors Association. Ang mga tauhan ay ipinagkaloob ng Maryland Committee for Children. Countdown To Kindergarten: Learning Begins at Birth ay nagpapasalamat sa Countdown to Kindergarten: Boston para sa pamumuno nito bilang isang modelong programa at para sa paggamit ng CTK logo.

Countdown to Kindergarten: Learning Begins at Birth
Maryland's Early Childhood Public Engagement Campaign
608 Water Street
Baltimore, Maryland 21202

www.countdownMD.org

© 2004 Maryland Committee for Children
Mga Larawan: © 2004 Bonnie Matthews